Integrated
**Child & Youth**
Teams

BRITISH COLUMBIA

## Buod ng
# Mga Integrated Child & Youth Team



## 1 Ano ang mga ICY Team?

Ang mga Integrated Child and Youth (ICY) team ay bahagi ng *A Pathway to Hope* – ang probinsiyal na estratehiya tungkol sa pinahusay na pangangalaga para sa mental health at substance use sa B.C.

## 2 Paano ito naiiba?

- Mga wraparound na serbisyo at suporta sa mental health at substance use para sa mga bata at kabataan na inihahatid ng mga team na mula sa iba't ibang disiplina.
- Hindi na mag-isang maghahanap ng serbisyo at suporta ang mga pamilya at tagapangalaga - nakikipagtulungan ang mga service provider upang matiyak ang banayad na transisyon.
- Nagbibigay ng suporta ang isang ICY team sa loob ng school district para sa mga bata at kabataan mula pagkabata hanggang 19 taong gulang.
- Nababawasan ang paulit-ulit na pagbibigay ng impormasyon ng mga bata at kabataan - ibinabahagi ng mga team member ang impormasyon sa isa't isa.
- Ang mga serbisyo ay batay sa mga kalakasan at pangangailangan ng indibidwal at kanilang mga tagapangalaga.

## 3 Sino ang mga miyembro ng ICY Team?

Mga ICY program leader

Mental health clinical staff para sa mga bata at kabataan

Mga ICY clinical counsellor

Mga youth substance use clinician

Suporta mula sa kapwa kabataan

Suporta mula sa kapwa pamilya o caregiver

Mga posisyon na sinusuportahan ang mga bata at kabataang Indigenous at/o mga multicultural na posisyon

Mga administrative support role

*(maaaring magbago ang mga posisyon sa trabaho)*

Kapag mayroon nang mga posisyon sa komunidad, sila ay itatalaga sa mga team na ito, kapag naaangkop.

Maaaring magdagdag pa ng mga miyembro ang mga bata o kabataan, tulad ng mga kultural o panrelihiyong suporta, pamilya, kaibigan, family doctor, social worker, coach, mga indibidwal na nagbibigay ng suporta, Elders, iba pang counsellor o propesyonal (walang dagdag na pagpopondo).

## 4 Mga Serbisyo at Referral

Tumatanggap ng referral ang mga ICY team mula sa ibang service provider tulad ng:

- early years services
- mga staff sa paaralan
- primary care
- mga serbisyo para sa mental health at substance use
- mga Foundry centre
- mga organisasyong pinamumunuan ng Indigenous Peoples

Nagsisikap ang mga team upang magkaroon ng mga pamamaraan na mas angkop sa kultura, batay sa natatanging katangian, at nakatuon sa mga bata, kabataan, pamilya at komunidad. Kabilang din ang pakikisalamuha at pakikipag-ugnayan sa mga organisasyong Inuit, First Nations at Métis, at pagsisikap na magkaroon ng mga makabuluhan at resiprokal na ugnayan.

Ang mga pamamaraang ito ay sensitibo sa mga paksa ukol sa gender (kinikilalang kasarian), pagkakaiba-iba (diversity) at malawak na epekto ng trauma. Hangga't posible, ang mga serbisyo para sa mga bata at kabataang Inuit, First Nations at Métis ay inihahatid ng mga Inuit, First Nations at Métis na provider, at maaaring magdagdag ng iba pang miyembro para sa pangangalaga.

Pinapalawak ng multi-disciplinary approach na ito ang iba-ibang suporta sa mental health para makakuha ng mga serbisyo ang mga bata at kabataan kapag kailangan nila ito.

## 5 Lokasyon ng mga ICY Team

Isinasagawa ng mga ICY team ang kanilang tungkulin sa loob ng mga school district, kabilang ang mga pumapasok sa mga paaralan na pinapatakbo ng First Nations, mga independent school, alternatibong setting ng pag-aaral o ang mga hindi pumapasok sa paaralan.

Kung bago pa lamang sa mga serbisyo, ilalapit ang mga bata at kabataan sa mga ICY team batay sa kanilang lokasyon.

Makikipag-ugnayan ang mga ICY team sa mga bata, kabataan at pamilya para sa mga outbound na serbisyo at sa regular na setting ng pangangalaga.

**Fraser region:**

- Maple Ridge–Pitt Meadows (School District 42)
- Agassiz, Harrison, Hope, at Boston Bar (School District 78 Fraser-Cascade)
- Mission (School District 75)
- Delta (School District 37)
- Surrey - Cloverdale-Fleetwood neighbourhood (School District 36)

**Interior region:**

- Kwsaltktnéws ne Secwepemcúl'ecw (School District 83)
- Oliver, Keremeos (School District 53)
- Castlegar, Trail (School District 20)
- Lytton, Cache Creek, Lillooet (School District 74)
- Princeton, Merritt (School District 58)

**Island region:**

- Comox Valley (School District 71)
- Nanaimo-Ladysmith (School District 68)
- Port Alberni (School District 70 Pacific Rim)
- Cowichan Valley (School District 79)
- Qualicum (School District 69)

**Northern region:**

- Terrace, Kitimat, and Stewart, Kitsumkalum Nation, Kitselas Nation, at Haisla Nation (School District 82 Coast Mountains)
- The Hazeltons, Gitxsan Nations at Hagwilget Nation (School District 82 Coast Mountains)
- Dawson Creek, Chetwynd, Tumbler Ridge (School District 59 Peace River South)

**Vancouver/coastal region:**

- Richmond (School District 38)
- qathet (Powell River) (School District 47)
- Bella Coola, Bella Bella (School District 49 Central Coast)